Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-21 NG PEBRERO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. GILBERT T. GATCHALIAN | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. ALMA A. GATCHALIAN | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. YOLANDA B. AZADA | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Kasangguni |
| KGG. BERNARDO B. OPLE, JR. | " |
| KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA | " |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 17-2019

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - KGG. CHRISTIAN D. NATIVIDAD SA NAULILANG PAMILYA AT KAANAK NG YUMAONG SI IGG. OTELIO CRUZ PUNONGBAYAN, DATING KAGAWAD NG BARANGAY TIKAY, LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NI: KGG. ENRICO C. CAPULE
AT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS

SAPAGKAT, si Igg. Otelio Cruz Punongbayan, Animnapu't Pitong taong gulang (67 years old) ipinanganak noong ika-13 ng Disyembre, 1951 dating Kagawad ng Barangay Tikay, Lungsod ng Malolos ay sumakabilang buhay noong ika-13 ng Pebrero, 2019;

SAPAGKAT, lubos na nagdadalamhati ang kanyang maybahay na si Gng. Veronica Punongbayan, mga naulilang anak na sina Malou, Cenon, Oliver, Catherine, Carrel, Cherry Lyn at Fel-An, pati na rin ang kanyang ibang kaanak at mga mamamayan ng Barangay Tikay;

SAPAGKAT, si Igg. Punongbayan ay nagtala ng paglilingkurang publiko at naging bahagi ng Sangguniang Barangay ng Tikay bilang Kagawad mula taong 2007 hanggang 2010 at muling nahalal noong taong 2010 hanggang 2013;

SAPAGKAT, siya ay isang huwarang lingkod-bayan at naging saksi ang bawat isa sa atin sa kanyang katapatan, kasipagan at kagandahang-loob, mga katangiang hindi niya ipinagdamot hanggang sa huling yugto ng kanyang buhay;

SAPAGKAT, ang pagyao ni Igg. Punongbayan ay nag-iwan sa atin ng matinding kapanglawan at ang mga katangi-tangi, masikhay at mapagkalingang pamanang gampaning iniwan niya sa atin ay lubos nating ipagpapasalamat, patuloy na isusulong at itataguyod bilang bantayog ng isang mabait at mapagmahal na lingkod bayan;

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang taos-pusong pakikiramay ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Kgg. Christian D. Natividad, sa naulilang pamilya at kaanak ng yumaong si Igg. Otelio Cruz Punongbayan, dating Kagawad ng Tikay, Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

***KGG. NOEL G. PINEDA**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. ALMA A. GATCHALIAN**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. YOLANDA B. AZADA**
KASANGGUNI

***KGG. BERNARDO B. OPLE, JR.**
KASANGGUNI

***KGG. CHRISTIAN P.C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer III**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

*DhorieTrogo(SDC2)*022119